

## Pagkilala sa mga tagumpay ng bagong dating

Hunyo 10, 2022

Ang Alberta ay maglulunsad ng Newcomer Recognition Awards upang ipagdiwang ang mga namumukod-tangi na nagawa ng mga imigrante sa lalawigang ito.

Nag-aambag ang mga bagong dating sa pagbangon ng ekonomiya at pagkakaiba-iba ng kultura ng Alberta sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga aktibong tungkulin sa kanilang mga komunidad, paaralan, at lugar ng trabaho, at sa pamamagitan ng pagsisimula ng kanilang sariling mga negosyo.

Ang Alberta Newcomer Recognition Awards ay pararangalan ang mga tagumpay na ito upang ipakita ang pagpapahalaga sa mga bagong dating at ipaalam sa mga tao ang tungkol sa mga paraan na ginagawa ng mga bagong dating na mas magkakaiba at inklusibo ang ating mga kapitbahayan, paaralan at ekonomiya.

"Ang mga bagong dating ay gumagawa ng napakahalagang kontribusyon sa ating lipunan. Habang ang gobyerno ng Alberta ay patuloy na umaakit, tinatanggap at pinapanatili ang mga imigrante sa pamamagitan ng Alberta Advantage Immigration Strategy, mahalagang ipakita sa mga bagong dating na nakikita at pinahahalagahan natin ang mga paraan kung saan sila nagdaragdag ng halaga sa ating habi ng kultura, nagpapalakas ng ating ekonomiya at nagpapayaman sa ating mga komunidad." *Kaycee Madu, Ministro ng Paggawa at Imigrasyon*

Ang mga nominasyon ay bukas hanggang Hulyo 24, at sinuman ay maaaring magmungkahi ng isang bagong dating na nagpayaman sa lalawigang ito sa pamamagitan ng mga aktibidad ng boluntaryo, pamumuno, pagbabago sa negosyo, mga kontribusyon sa kanilang akademiko o propesyonal na larangan, at mga aksyon upang tumulong sa pagbuo ng isang mas inklusibong lalawigan. Ang isang malawak na hanay ng mga kategorya ng parangal ay magagamit upang kilalanin ang mga nagawa ng kabataan, kababaihan, nakatatanda, negosyante, akademya, manggagawa at tagabuo ng komunidad.

### **Kaugnay na impormasyon**

Newcomer Recognition Awards

### **Multimedia\* (optional)**

[Tingnan ang larawan ng kaganapan](#)

[Makinig sa balitang pagpupulong](#)  
[Panoorin ang balitang pagpupulong](#)

\* Mapapakinabangan pagkatapos ng kaganapan

### **Mga katanungan sa media**

Roy Dallmann

[Roy.Dallmann@gov.ab.ca](mailto:Roy.Dallmann@gov.ab.ca)

587-873-7140

Kaliham ng Press, Imigrasyon at Multikulturalismo

“Mayroon akong pribilehiyong makipagkita sa mga bagong dating sa buong lalawigang ito, at palagi akong inspirado sa kanilang determinasyon, pagkamalikhain at katatagan. Hinihikayat ko ang mga tao na magmungkahi ng isang bagong dating na gumagawa ng pagbabago sa lalawigang ito. Sa pamamagitan ng mga parangal na ito, itataas natin ang profile ng mga bagong dating at ang papel na ginagampanan nila sa paggawa ng Alberta na isang maunlad at malugod na lugar.”

*Muhammad Yaseen, Katuwang na Ministro ng Imigrasyon at Multikulturalismo*

Sa pamamagitan ng paglulunsad ng Alberta Newcomer Recognition Awards, ang gobyerno ng Alberta ay patuloy na kumikilos para sa multikulturalismo at anti-rasismo sa pamamagitan ng paghikayat sa mga kultural na komunidad na ibahagi ang kanilang mga kuwento at tagumpay sa buong Alberta.

Ang programa ng parangal ay isa sa maraming paraan na sinusuportahan ng gobyerno ang mga bagong dating na tawagin ang Alberta na kanilang tahanan at labanan ang rasismo. Sa pamamagitan ng Fairness for Newcomers Office, mas mabilis na pinapabalik ng Alberta ang mga bagong dating sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga hadlang sa pagkilala sa mga dayuhang kredensyal – pagtulong sa mga tao na gamitin ang kanilang edukasyon at karanasan upang maabot ang kanilang buong potensyal.

Bilang bahagi ng Plano sa Pagbawi ng Alberta, lumilikha din ang gobyerno ng mas maraming pagkakataon para sa mga tao na pumunta sa Alberta, manirahan sa mga komunidad, magsimula ng mga negosyo at lumikha ng mas maraming trabaho. Sa pamamagitan ng dalawang bagong daloy ng imigrasyon, tinutulungan din ng gobyerno na muling pasiglahin ang rural Alberta sa pamamagitan ng pag-alis ng mga hadlang at pagtatakda ng mga saligan ng pagbuo sa pagtanggapang mga imigrante na lumilikha ng trabaho sa mga lokal na komunidad.

## **Mabilis na mga katotohanan**

- Bukas ang mga nominasyon hanggang Hulyo 24.

- Kasama sa mga parangal ang siyam na kategorya: Small Communities Enhancement Award, Inclusive Workplaces Award, Entrepreneurial Spirit Award, Young Leader Award, Newcomer Champion Award, Career and Academics Contribution Award, Student Inspiration Award, Women Newcomer Impact Award at Senior Spirit Award.
- Ang mga nominasyon ay dapat isumite sa pamamagitan ng isang online na portal.
- Upang maging karapat-dapat, ang mga nominado ay dapat:
  - maging isang indibidwal (hindi isang grupo o organisasyon)
  - hindi nakatanggap ng nakaraang award para sa katulad na parangal ng Gobyerno ng Alberta
  - ipinanganak sa labas ng Canada (ngunit maaaring tumira sa Canada nang maraming taon)
  - maging isang permanenteng residente o mamamayan ng Canada
  - hindi nahatulang gumawa ng krimen kung saan hindi pa nakatanggap ang pardon
  - hindi nahalal na opisyal
  - naninirahan sa Alberta sa panahon ng nominasyon
  - nakapagbigay ng kontribusyon sa Alberta

The logo for Alberta's Recovery Plan, featuring the text "ALBERTA'S RECOVERY PLAN" in white, bold, uppercase letters inside a white-bordered square with a yellow accent on the top right corner.

### ALBERTA'S RECOVERY PLAN

Alberta's Recovery Plan is a plan to breathe new life into Alberta's economy and create new opportunities for every Albertan. It's a plan to build, to diversify, and to create jobs.